# Departamento ng Edukasyon ng Estados Unidos Opisina para sa mga Karapatang Sibil:

---

# Sinisiguro ang Magkakapantay na Pagkakataon Para sa Mataas na Uri na Edukasyon

U.S. Department of Education
Office for Civil Rights
Washington, DC 20202-1100

**Huling binago noong Setyembre 2004**

**Ang Kinalabasan ng mga Batas ng Karapatang Sibil**

Nakatulong ang pagpapasunod ng mga pederal na batas ng karapatang sibil na mag-resulta sa mga malaganap na pagbabago sa edukasyon ng Amerika at mapabuti ang mga edukasyonal na pagkakataon ng milyun-milyong mga mag-aaral. Marami sa mga hadlang na noon ay pumipigil sa mga tao na malayang piliin ang mga edukasyonal na pagkakataon at mga karera na kanilang nais na gawin ay ngayon ay naalis na. Ginagawa na ngayong posible ng marami sa mga sistema ng paaralan para sa mga mag-aaral na hindi bihasa sa Ingles na mabisang makasali sa kanilang mga edukasyonal na programa. Marami pa sa mga mag-aaral na mayroong mga kapansanan ay ngayon ay kaya nang makasali sa regular na mga klase ng edukasyon, sa tulong ng mga karagdagang kagamitan at mga serbisyo.

Karagdagan pa rito, ang Walang Batang Iiwanan na Batas ng 2001 (No Child Left Behind Act of 2001) (NCLB), ang batas na lubus-lubusang bumabago sa pederal na mga programa ng edukasyon, ay nagtataguyod sa misyon ng Departamento na siguraduhin ang magkakapantay na pagkakataon para sa edukasyon at nagtataguyod sa kagalingang edukasyonal sa buong bansa. Mayroong natatanging mga panustos ang NCLB na Batas upang masiguro na ang lahat ng mga bata ay magkakaroon ng pagkakataon sa mataas na uri ng edukasyon maging anuman ang lahi, kultura, kasarian, kapansanan o antas na batay sa sosyal na kalagayan sa komunidad o pananalapi.

Nabuksan ng mga batas ng karapatang sibil ang mga pintuan ng ating mga paaralan, mga silid-aralan, mga auditoryum, mga lupang palaruan at mga arena. Bilang kasagutan, ang mga taong mula sa iba't ibang pinanggagalingan na kumakatawan sa Amerika ngayon ay pumapasok sa mga pintuang ito, naglalakbay upang ating maging panghinaharap na mga pinuno sa kalakal, pamahalaan, agham, sining at edukasyon. Sisiguraduhin ng mga batas ng karapatang sibil, kasama na ng Batas ng NCLB, na ang mga pintuan na ito ay mananatiling bukas para sa lahat.

**Ang mga Pananagutan ng Opisina para sa mga Karapatang Sibil**

Ang Opisina para sa mga Karapatang Sibil (Office for Civil Rights) (OCR), ng Departamento ng Edukasyon ng Estados Unidos (U.S. Department of Education) (ang Departamento), ay isang ahensiya ng pagpapatupad ng batas na mayroong katungkulan na isakatuparan ang mga pederal na batas upang mapaniguro na ang mga edukasyonal na institusyon na tumatanggap ng tulong na pananalapi ay hindi gagawa ng diskriminasyon. Ipinagsasakatuparan ng OCR ang mga pederal na batas ng karapatang sibil na nagbabawal sa diskriminasyon na base sa lahi, kulay ng balat, bansang pinanggalingan, kasarian, kapansanan at edad sa mga programa o mga gawain na tumatanggap ng pederal na tulong na pananalapi na galing sa Departamento. Ang mga batas ng karapatang sibil ay nagpapakilala ng isang pambansang pagnanais na itigil ang diskriminasyon sa mga programa o gawain ng edukasyon. Ang mga batas na ito ay ang:

- Title VI ng Batas ng mga Karapatang Sibil ng 1964 (Civil Rights Act of 1964) (ipinagbabawal ang diskriminasyon laban sa lahi, kulay ng balat at bansang pinanggalingan);

- Title IX ng Mga Pagbabago sa Edukasyon ng 1972 (Education Amendments of 1972) (ipinagbabawal ang diskriminasyon laban sa kasarian);

- Seksiyon 504 ng Pagpapanibagong Batas ng 1973 (Rehabilitation Act of 1973) (ipinagbabawal ang diskriminasyon laban sa kapansanan);

- Ang Batas ng Diskriminasyonon Laban sa Edad ng 1975 (Age Discrimination Act of 1975) (ipinagbabawal ang diskriminasyon laban sa edad); at

- Title II ng Batas ng mga Amerikanong Mayroong Kapansanan ng 1990 (Americans with Disabilities Act of 1990) (ipinagbabawal ang diskriminasyon laban sa kapansanan ng mga grupong publiko, kabilang na ang mga distrito ng paaralang-bayan, pambayang kolehiyo at

unibersidad, bokasyonal na paaralang-bayan at aklatang-bayan, kahit man o hindi sila tumatanggap ng pederal na tulong na pananalapi).

Karagdagan pa rito, ipinagsasakatuparan ng OCR ang Batas ng Magkakapantay na Pagkakataon para sa mga Batang Lalaking Iskaut ng Amerika (Boy Scouts of America Equal Access Act), isang bahagi ng Walang Batang Iiwanan na Batas ng 2001. Sa ilalim ng Batas ng Magkakapantay na Pagkakataon para sa mga Batang Lalaking Iskaut ng Amerika, walang mababang paaralang-bayan, mataas na paaralan-bayan o ahensiya ng edukasyon na estado o lokal na nagbibigay ng pagkakataon para sa isa o mahigit pa na mga taga-labas na pangkat na pambata o pangkomunidad na makipagpulong sa looban ng mga paaralan o sa mga gusali ng paaralan bago o pagkatapos ng oras ng pagtuturo, na hindi magbibigay ng magkakapantay na pagkakataon o magkatugmang pagkakataon na makipagpulong sa, o mag-diskrimina laban sa, alinmang grupo na mayroong opisyal na kaugnayan sa Mga Batang Lalaking Iskaut ng Amerika, o alinmang iba pang pangkat na pambata na nakalista sa Title 36 ng Kodigo ng Estados Unidos (United States Code) bilang isang makabayang lipunan.

Karamihan sa mga gawain ng OCR ay nagaganap sa mga opisina ng pagsasakatuparan na matatagpuan sa buong bansa. Sa Washington, D.C., ang Opisina ng Pangalawang Kalihim para sa mga Karapatang Sibil ang nagbibigay ng panlahatang pamumuno at pagsasa-ayos.

**Ang mga Batas ay Para sa mga Edukasyonal na Institusyon**

Naaabot ng mga batas ng karapatang sibil ang karamihan sa mga edukasyonal na institusyon sa buong bansa, dahil ang karamihan sa mga edukasyonal na institusyon ay tumatanggap ng ilang uri ng pederal na tulong na pananalapi. Ang ibig sabihin nito ay mayroong sakop ang mga batas ng karapatang sibil sa:

- halos 15,000 na mga distrito ng paaralan;
- mahigit na 4,100 na mga kolehiyo at mga unibersidad;

- humigit-kumulang sa 5,000 na mga institusyon na nagbibigay ng mga sertipiko sa antas na mas mababa sa “associate degree”, katulad ng mga paaralan ng pagsasanay para sa mga tsuper ng trak at mga paaralan para sa pagpapaganda (“cosmetology”); at

- libu-libo pang ibang mga lugar, katulad ng mga aklatan, mga museo, mga ahensiya ng bokasyonal na pagpapanibago at mga piitan.

**Ang mga Batas ay Para sa mga Mag-aaral at mga Empleyado**

Ipinagtatanggol ng mga batas ng karapatang sibil ang mga malalaking bilang ng mga mag-aaral na pumapasok, o nagnanais pumasok, sa ating mga edukasyonal na institusyon, gaya ng mga sumusunod:

- humigit-kumulang sa 54.3 na milyong mga mag-aaral na pumapasok sa mga mababa at mataas na paaralan; at

- humigit-kumulang sa 16.4 na milyong mga mag-aaral na pumapasok sa ating mga kolehiyo at unibersidad.

Sa ilang mga kalagayan, ipinagtatanggol din ng mga batas ang mga taong nagtatrabaho, o kaya ay naghahanap ng trabaho, sa mga edukasyonal na institusyon.

**Tumatanggap ng mga Reklamo Ukol sa Diskriminasyon ang OCR Mula sa Taong-Bayan**

Ang isang mahalagang paraan upang maisagawa ng OCR ang kanyang responsibilidad ay sa pamamagitan ng paglutas ng mga reklamo ng mga mag-aaral, mga magulang at iba pang tao. Hindi kinakailangang maging isang biktima ng pinaratangan na diskriminasyon ang tao o organisasyon na nagrereklamo, maaari silang magreklamo para sa ibang tao o grupo. Sa kalimitan, bibigyang-kilos lamang ng OCR ang mga reklamo na iniharap sa loob ng 180 na kalendaryong araw ng huling pangyayari ng pinaratangan na diskriminasyon, o kung saan pinaratangan ng

reklamo na mayroong isang patuloy na diskriminasyong nagaganap sa patakaran o gawain.

Tumatanggap ang OCR ng humigit-kumulang sa 5,000 na mga reklamo bawa't taon. Kabilang sa mga reklamo ang ilan sa mga mahahalagang paksa na mayroong kaugnayan sa magkakapantay na pagkakataon sa mataas na uri na edukasyon.

Sa ilalim ng Title VI — diskriminasyon laban sa lahi, kulay ng balat, at bansang pinanggalingan — kabilang sa mga reklamo ang mga paksang katulad ng:

- paggamit ng lahi o kultura sa mga pamamaraan ng paggugrupo, kabilang na ang paglalagay sa isang grupo base sa kakayahan;
- kakayahang makakuha ng alternatibong wika na mga serbisyo ng mga nag-aaral ng Ingles;
- mga palakad ukol sa disiplina;
- mga patakaran sa paglalagay ng mag-aaral, kabilang na ang paglalagay sa mga programa para sa may likas na talino at talento;
- mga paglipat ng mag-aaral sa ibang distrito;
- ang paghahalu-halo ng mga lahi sa isang paaralan;
- ang panliligalig dahil sa lahi;
- tirahan ng mga mag-aaral sa looban ng mga kolehiyo; at
- ang pagbibigay ng grado sa pag-aaral.

Sa ilalim ng Title IX — diskriminasyon laban sa kasarian — kabilang sa mga reklamo ay ang mga paksang katulad ng:

- sekswal na panliligalig;

- ❖ magkakapantay na pagkakataon na pakikipaglaro sa iba't ibang mga paaralan o kolehiyo;
- ❖ pagtrato sa mga mag-aaral na nagdadalang-tao; at
- ❖ pagtanggap sa mga institusyon pagkatapos ng mataas na paaralan.

Sa ilalim ng Seksiyon 504 at Title II — diskriminasyon laban sa kapansanan — kabilang sa mga reklamo ay ang mga paksang katulad ng:

- ❖ kadaliang makapasok sa mga gusali at programa ng paaralan;
- ❖ angkop na espesyal na edukasyon na mga serbisyo;
- ❖ pagtatasa at paglalagay ng mga mag-aaral na maaaring mangailangan ng espesyal na edukasyon na mga serbisyo;
- ❖ pagtuturo sa mga mag-aaral sa kapaligirang may pinakakaunting kahigpitan na katugon ng kanilang mga edukasyonal na pangangailangan;
- ❖ pansamantalang pagtigil o permanenteng pagtanggal sa paaralan ng mga mag-aaral na mayroong mga kapansanan;
- ❖ mga pagbabago at pagsasa-ayos sa pag-aaral; at
- ❖ mga pantulong na kagamitan para sa mag-aaral na mayroong hindi normal na kakayahan sa pakiramdam, pag-galaw o pagsasalita.

**Papaano Nilulutas ng OCR ang mga Reklamo**

Ang pangunahing layunin ng OCR, sa paglutas ng reklamo, ay madaliang malutas ang paratang ng diskriminasyon ng mga nagrereklamo, sa isang wasto at angkop na paraan. Natutunan ng

OCR na ang pinakamabisang paraan upang malutas ang mga problema ay sa pamamagitan ng isang pamamaraan ng pagtutulung-tulungan ng mga mag-aaral, magulang, grupo sa komunidad, estado at lokal na ahensiya ng edukasyon, paaralan at kolehiyo.

Gumagamit ng iba't-ibang uri ng mga pamamaraan ang OCR upang malutas ang mga reklamo, simula sa maagang paglutas ng reklamo hanggang sa pag-iimbestiga at pakikipag-areglo ng mga kasunduan sa isang kusang pagsunod ng mga grupong sanhi ng reklamo.

Matapos lamang na mapasiyahan ng OCR na ang pagsunod ay hindi makakamit sa pamamagitan ng boluntaryong pamamaraan na humahanap ang OCR ng pagsunod sa pamamagitan ng isang administratibong pamamaraan ng paglilitis o ibibigay ang mga kaso sa Departamento ng Hustisiya ng Estados Unidos (U.S. Department of Justice). Ang naibabagay na pamamaraang ito ay nagpapahintulot sa OCR na:

- makapagbigay ng napapanahon at mabisang pamamagitan sa simula ng pamamaraan ng pagrereklamo;
- ituon ang pagkamit ng pagsunod sa mga batas laban sa diskriminasyon; at
- gawing mahalagang bahagi sa paglutas ng mga reklamo ang mga mag-aaral, magulang at opisyal sa paaralan.

**Gumagawa ang OCR ng mga Pagsusuri ng Pagsunod**

Binibigyan ng pagkakataon ang OCR, ng mga kasong sinimulan ng ahensiya, kalimitang tinatawag na mga “pagsusuri ng pagsunod” (“compliance reviews”), na ituon ang mga kakayahan sa mga problema ng pagsunod na mukhang lubos na malubha, buong bansa ang kinagaganapan, o kung saan ito ay bago pa lamang na nagaganap.

Pinalalakas ng nakatuon na mga pagsusuri ng pagsunod ang kinalalabasan ng mga kakayahan ng OCR at binabalanse ang programa ng pagpapasunod. Sinisiguro ng mga pagsusuri ng pagsunod na isasanggalang ang mga karapatang sibil ng mahihinang mga grupo, katulad ng mga lubos na maralita o mga taong hindi nagsasalita ng Ingles, na siyang maaaring hindi alam ang mga batas. Ipinakikita din ng kinaranasan ng OCR na ang maingat na pagtuon ng mga pagsusuri ng pagsunod ay halos parating humahantong sa mga sanhi ng reklamo na gumawa ng pagbabago sa patakaran o programa na magdudulot ng kabutihan sa malaking bilang ng mga mag-aaral — hindi katulad ng mga reklamo na kung saan ang mga kalutasan ay maaaring magdulot ng kabutihan sa nagrereklamong partido lamang.

Pumipili ang OCR ng mga pagsusuri ng pagsunod base sa ilang bahagi ng iba't-ibang pinanggagalingan ng impormasyon, kabilang na ang impormasyong nakamit sa pagsisiyasat at impormasyong ibinigay ng mga nagrereklamo, grupo ng edukasyon, "media" at taong-bayan. Nakagawa ng mga pagsusuri ng pagsunod ang OCR sa mga paksang katulad ng:

- mga mag-aaral na minorya sa espesyal na edukasyon at mga kursong ginawa para sa mga mababagal matuto;

- kakayahang makakuha ng mga nag-aaral ng Ingles ng mga alternatibong wika na serbisyo upang makinabang sa mga programang edukasyonal ng mga distrito ng paaralan;

- walang bayad na nararapat na edukasyong pambayan na angkop para sa mga mag-aaral na mayroong kapansanan;

- kakayahang makakuha ang mga mag-aaral na minorya sa mga kurso para sa may likas na talino at talento, at iba pang mataas na antas na mga kurso;

- panliligalig dahil sa lahi;

- mga kapaligirang sekswal na nakapanliligalig; at

- paghahalu-halo ng mga lahi sa mataas na edukasyon at sa mga sistemang mababa at mataas na paaralan.

Kinikilala ng OCR na ang pederal, estado, at lokal na mga ahensiya ng edukasyon, pati na rin ang mga magulang at iba pang interesadong mga partido, ay mayroong magkatulad na layunin na makapagbigay ng magkakapantay na pagkakataon at kakayahang makatanggap ng mga benepisyong edukasyonal. Ipinagsasama-sama ng OCR ang kanyang kagalingan sa kagalingan ng mga kasosyo at kaugnay upang makalikha ng mga ma-epektibong kalutasan, kabilang na ang mga matitibay na edukasyonal na mga kalutasan na makapagbibigay ng higit pang pagkakataong edukasyonal para sa lahat ng mga mag-aaral.

**Natutulungan ang mga Tao at Institusyon ng Teknikal na Tulong ng OCR**

Ang layunin ng teknikal na pagtulong ng OCR ay upang mapigil ang paglabag sa mga batas na karapatang sibil. Ito ay naisasagawa sa pamamagitan ng pagtulong sa mga tumatanggap ng tulong na makasunod sa mga batas at pagtulong sa mga tumatanggap ng benepisyo na maintindihan ang kanilang mga karapatan. Dahil sa mga milyun-milyong mag-aaral na ipinagsasanggalang ng mga batas na karapatang sibil, kinikilala ng OCR na ang kanyang mga gawain lamang ay hindi sapat upang mapatigil ang labag sa batas na diskriminasyon sa edukasyon. Ang mga mag-aaral, mga magulang at mga tagapagturo ay kinakailangang mayroong kaalaman at mga kakayahan upang mapigil ang labag sa batas na diskriminasyon bago pa man ito magsimula.

Nagbibigay ng tulong ang OCR upang mabigyan ng pagkakataon ang mga institusyon na makasunod habang ginaganap ang pamamaraan ng pag-areglo sa reklamo o kaya habang ginaganap ang isang pagsusuri ng pagsunod. Karagdagan pa dito, gumagawa ang OCR ng malawak na programa ng teknikal na tulong bago pa man ito kailanganin sa pamamagitan ng iba’t-ibang uri ng mga pamamaraan, kabilang na dito ang mga pagsangguni sa lugar na kinagaganapan, mga klase ng pagsasanay, mga

gawaan, mga pagtitipun-tipon at pagsali sa mga panayam. Sumasagot din ang OCR sa mga katanungan at mga kahilingan ng tulong galing sa iba pang mga pederal na ahensiya, estado at lokal na mga ahensiya ng edukasyon, grupo sa komunidad, magulang, mag-aaral at taong-bayan.

Maraming mga opisina ng OCR ang nagbubuo ng mga pangkat na nagbibigay ng serbisyo upang maging mas mabisa ang pagsagot sa aming mga kasosyo, kaugnay, at taong-bayan. Nagtayo ang OCR ng isang home page, http://www.ed.gov/ocr, na siyang nakakabit din sa Web site ng Departamento.

**Mga Paghamon sa Panghinaharap**

Habang kinikilala namin ang pagbabago na dulot ng pagpapasunod ng mga batas ng karapatang sibil, mayroon pa ring mga tao sa bansa na hindi binibigyan ng lubos na mga pagkakataong edukasyonal sa isang legal na pamamaraan. Mayroong pa ring mga palakad at mga pamamaraan na nagbibigay-hadlang sa pagbibigay ng mga mahihirap na mga kurso at mga programa sa mga taong mayroong kapansanan, mga babae, mga may-edad na Amerikano at mga minorya na base sa lahi at wika. Ang pagtatanggol sa mga layunin ng programa ng pagsunod sa mga batas ng karapatang sibil — magkakapantay na pagkakataon, kagalingan sa edukasyon, at mataas na pamantayan para sa lahat ng mga mag-aaral — ay isang puhunan na kinakailangang gawin, kung nais nating mapatibay ang panghinaharap ng Amerika.

**Pakikipag-alam sa OCR**

Ang Pangkat na Nagbibigay-Serbisyo (Customer Service Team) sa pambansang punong-tanggapan ng OCR ang sumasagot sa "hotline" ng OCR. Ang "hotline" ay ginagamit ng mga tumatawag upang makapagtanong tungkol sa mga malalawak na paksa na mayroong kaugnayan sa mga pederal na batas na karapatang sibil at mga patakaran at patnubay ng OCR, at upang makatanggap ng impormasyon tungkol sa programa ng pagpapasunod ng OCR.

Kung nais ninyong tumanggap ng karagdagan pang impormasyon tungkol sa mga batas na pinapasunod ng Opisina Para sa Karapatang Sibil (OCR), kung papaano magharap ng isang reklamo base sa karapatang sibil, o kung papaano makatanggap ng teknikal na tulong, maaari ninyong tawagan ang opisina ng tagapagpasunod na nagsisilbi sa inyong estado o Lupain ng Estados Unidos. Maaaring makipag-alam sa mga opisina ng tagapagpasunod sa: http://www.ed.gov/ocr/contactus.html.

Para sa karagdagan pang impormasyon:

**OCR Hotline:** 1-800-421-3481; TDD: 877-521-2172

**E-mail:** OCR@ed.gov

**Web:** http://www.ed.gov/ocr